PABATID SA PUBLIKO

Marso 13, 2026

PARA SA: Lahat ng mga kapitbahay na pamahayan at negosyo na nasa loob ng 1,000 talampakan (305 m) sa iminumungkahing bago o binagong pinanggalingan ng maruming hangin na nakalista sa ibaba.

MULA SA: Bay Area Air District

TUNGKOL SA: Paghiling ng Pahintulot Bilang 31180 para sa sumusunod na (mga) pinanggalingan ng maruming hangin:

Standby Diesel Generator na Pang-Emergency at Membrane Bioreactor (MBR) Treatment
(Emergency Standby Diesel Generator and Membrane Bioreactor (MBR) Treatment)
South County Regional Wastewater Authority
1500 Southside Drive, Gilroy, CA 95020

Ang Bay Area Air Quality Management District (ang "Bay Area Air District" o "Air District") ay isang lokal na ahensya na kumokontrol sa mga nakapirming pinagmumulan ng polusyon sa hangin tulad ng mga pabrika, industriyal na site, at gasolinahan.

Sa tuwing makakatanggap kami ng aplikasyon sa permiso para sa bago o binagong (mga) pinanggagalingan ng nakakalasong contaminant sa hangin na matatagpuan sa loob ng 1,000 talampakan (305 m) mula sa lugar ng paaralan o sa loob ng labis na naaapektuhang komunidad, hinihiling ng regulasyon ng Air District na pagbigyang-alam ang publiko. Para matugunan ang pangangailangang ito, namimigay o nagpapadala kami ng Pabatid sa Publiko sa mga magulang o tagapangalaga ng mga mag-aaral na naka-enroll sa mga paaralang matatagpuan sa loob ng 1/4 na milya (402 m), at lahat ng mga residente at negosyo na matatagpuan sa loob ng 1,000 talampakan (305 m), ng (mga) iminumungkahing pinanggagalingan.

Natatanggap mo ang Pabatid sa Publiko na ito dahil may aplikasyon sa permiso na nakahain na sa Air District para sa (mga) natukoy sa itaas na pinanggagalingan ng polusyon sa hangin sa loob ng labis na naaapektuhang komunidad. Ang paglalarawan ng iminumungkahing proyekto ay ang mga sumusunod:

Nag-aply ang ***South County Regional Wastewater Authority*** (SCRWA) ng Awtorisasyon sa Pagtatayo para sa isang bagong standby na diesel na makina at isang bagong membrane bioreactor (MBR) para sa proseso ng paggamot ng maruming tubig. Ang makina ay magbibigay ng kuryente sa pasilidad, kabilang ang mga kagamitan nito para sa paggamot ng maruming tubig, na nagpoproseso sa tuluy-tuloy na daloy ng dumi sa alkantarilya mula sa lokal na komunidad. Ang proseso ng paggamot gamit ang MBR ay tatanggap ng maruming tubig na dumaan na sa pangunahing headworks ng planta at magkakaroon ng sarili nitong karagdagang headworks para maiwasan ang fouling o pagbabara ng mga sensitibong membrane. Kabilang din dito ang mga bioreactor basin para sa biyolohikal na pag-alis ng mga hindi kanais-nais na sustansya mula sa maruming tubig, mga membrane basin na may pinong membrane para salain ang mga suspendidong solido at mikroorganismo, at sarili nitong sistema ng paghawak ng putik (sludge handling) para patuyuin (dewater) ang mga solidong nabuo sa mga bioreactor basin. Ang kasalukuyang kagamitan para sa pagkontrol ng amoy sa headworks ng planta at sa sistema ng

paghawak ng putik ay palalawakin ang kapasidad para gamutin ang mabahong hangin na idaraan mula sa bagong MBR headworks at MBR sludge handling. Ang bagong sistema ng paggamot ng maruming tubig gamit ang MBR ay magpapahintulot sa SCRWA para pataasin ang idinisenyong karaniwang daloy ng maruming tubig ng 2.5 milyong galon kada araw.

PAUNANG PAGSUSURI

Sinuri ng Distrito ng Hangin ang paghiling ng pahintulot para sa iminumungkahing proyekto at gumawa ito ng pangunahing pagpapasiya na inaasahan ang proyekto na sumunod sa lahat ng nalalapat na regulasyon ng Distrito ng Hangin, estado, at pederal na pamahalaan na nauugnay sa kalidad ng hangin, kasama ang mga panganib sa kalusugan na nagreresulta mula sa pagbuga ng mga nakakalasong nagpaparumi ng hangin. Ang pangunahing rekomendasyon ay ang pagbibigay ng permiso para sa proyektong ito. Pagkatapos isaalang-alang ang lahat ng komentong natanggap, gagawa ang Distrito ng Hangin ng panghuling pagpapasiya.

KARAGDAGANG IMPORMASYON

Nakatuon ang Programa sa Pagprotekta ng Kalusugan ng Komunidad ng Air District sa pagbabawas ng mga pagkakaiba-iba sa polusyon sa hangin sa mga labis na naaapektuhang komunidad. Para sa higit pang impormasyon sa mga aktibidad ng Air District sa iyong komunidad, sumangguni sa website ng Air District sa:

https://www.baaqmd.gov/community-health

Kung interesado kang makakuha ng higit pang impormasyon, maaari kang humiling ng mga kopya ng ulat ng pagsusuri ng Air District sa pamamagitan ng pagtawag sa Air District sa numero ng teleponong nakalista sa dulo ng abisong ito. Maa-access din ang impormasyong ito sa website ng Air District sa:

http://www.baaqmd.gov/permits/public-notices

PANAHON NG PAG-KOMENTARYO NG PUBLIKO

May 30-araw na panahon ang publiko para sa pagsagot sa mungkahing ito. Kung nais mong mag-komentaryo sa iminungkahing proyekto, maaari mong gawin ito sa pamamagitan ng pagsulat o pag-email. Bilang alternatibo, maaari kang tumawag at mag-iwan ng mensahe hanggang sa isang minuto ang haba. Mangyaring iwanan ang iyong pangalan at numero ng telepono para masagot ang patnugutan ng Distrito ang iyong mensahe.

Mangyaring gamitin ang mga sumusunod na pakikipag-ugnay na impormasyon kung gusto mong mag-komentaryo sa iminungkahing proyekto:

Direksiyon sa koreo:	South County Regional Wastewater Authority (A/N 31180) Public Notice Response Bay Area Air District - Engineering Division 375 Beale Street, Suite 600 San Francisco, CA 94105 Attn: Ryan Atterbury
E-mail address:	ratterbury@baaqmd.gov
Numero ng Telepono:	(415) 749-5076

Ang panahon ng pag-komentaryo ng publiko para sa proyektong ito ay magtatapos sa **Abril 13, 2026.**